**ACCESS CENTER DISSO A-Z**

## MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG-ALANG BAGO IHARAP ANG IYONG KASO

**T: Paano ko tatapusin ang aking kasal at/o domestikong partnership?**
**S:** Sa California, may tatlong pangunahing paraan upang tapusin ang kasal at/o domestikong partnership.

- Diborsiyo
- Legal na Paghihiwalay
- Pagpapawalang-bisa ng kasal

**T: Sino ang maaaring humingi ng diborsiyo, legal na paghihiwalay o pagpapawalang-bisa ng kasal?**
**S:** Alinmang partido ay maaaring magharap ng diborsiyo, legal na paghihiwalay o pagpapawalang-bisa ng kasal. Hindi mo kailangan ang pahintulot o pagsang-ayon ng iyong asawa o domestikong partner upang magharap.

**T: Ano ang kailangan kong patunayan upang makakuha ng legal na paghihiwalay o diborsiyo?**
**S:** Ang California ay isang estado ng "walang pagkakamali" ("no fault" divorce state) na diborsiyo, hindi mo kailangang patunayan na ang isang tao ay gumawa ng isang bagay na mali. Kailangan mo lang sabihin na hindi mo makasundo ang kabilang partido. Sa batas, ito ay tinatawag na "hindi maaayos na mga pagkakaiba" ("irreconcilable differences)."

**T: Ano ang diborsiyo?**
**S:** Ang diborsiyo ay isang pamamaraang pambatas na tumatapos sa iyong kasal at/o domestikong partnership. Pagkatapos ng isang diborsiyo, ikaw ay wala nang asawa at maaaring muling magpakasal o pumasok sa isang domestikong partnership. Maaari mong hingin sa korte na gumawa ng mga utos sa mga sumusunod sa sandaling iharap mo ang iyong kaso:

- Custody at Pagbisita (sa anak o mga anak)
- Suporta sa Anak
- Suporta sa Asawa/Partner
- Paghahati ng Ari-arian
- Utos na Pagpigil na Kaugnay na Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence Restraining Order)
- Mga Bayad sa Abugado

**T: Ano ang legal na paghihiwalay?**
**S:** Ang isang legal na paghihiwalay ay hindi nagtatapos sa iyong kasal at/o domestikong partnership. Hindi ka maaaring muling magpakasal o pumasok sa isang domestikong partnership sa ibang tao sa pagtatapos ng isang legal na paghihiwalay. Gayunman, mahihiling mo rin sa korte na gumawa ng mga utos na katulad sa isang diborsiyo.

**T: Ano ang pagpapawalang-bisa ng kasal?**
**S:** Ang pagpapawalang-bisa (o "pagpapawalang-saysay ng kasal" at/o "pagpapawalang-saysay ng domestikong partnership") ay kapag ang isang korte ay nagsabi na ang iyong kasal at/o domestikong partnership ay HINDI balido ayon sa batas. Ang mga pagpapawalang-bisa ay mahirap patunayan at bihirang igawad. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga pagpapawalang-bisa ng kasal, tingnan ang https://www.courts.ca.gov/1037.htm.

**T: Anu-ano ang mga kinakailangan upang magharap ng diborsiyo sa San Francisco?**
**S:** Ikaw o ang iyong asawa ay dapat na pisikal na nakatira sa San Francisco para sa hindi bababa sa nakalipas na tatlong buwan, at sa California para sa hindi bababa sa nakalipas na anim na buwan sa panahon ng paghaharap ng iyong kaso.

**T: Mayroon bang mga iniaatas na paninirahan para sa paghaharap ng pagbuwag ng isang domestikong partnership?**
**S:** Maaari kang magharap sa San Francisco kung ikaw o ang iyong domestikong partner ay naninirahan sa San Francisco para sa hindi bababa sa nakalipas na anim na buwan, at sa California para sa hindi bababa sa nakalipas na anim na buwan sa panahon ng paghaharap ng iyong kaso, saanman inirehistro ang iyong domestikong partnership. Para sa mga domestikong partnership na nakarehistro sa California, maaari kang magharap dito kahit na hindi ka kasalukuyang naninirahan sa California.

**T: Mayroon bang iniaatas na paninirahan para sa paghaharap ng isang pagbuwag ng kaparehong-kasarian na kasal?**
**S:** Maaari kang magharap sa San Francisco kung ikaw o ang iyong asawa ay naninirahan sa San Francisco para sa hindi bababa sa nakalipas na tatlong buwan, at sa California para sa hindi bababa sa nakalipas na anim na buwan sa panahon ng paghaharap ng iyong kaso, saanman kayo ikinasal. Para sa kaparehong-kasarian na mag-asawa na ikinasal sa San Francisco, maaari kang magharap ng iyong diborsiyo sa San Francisco kahit na hindi ka naninirahan dito. Gayunman, upang magharap sa San Francisco, kayo ay dapat na parehong naninirahan sa isang lugar na hindi kinikilala ang inyong kasal at hindi bubuwagin ang inyong kasal.

**T: Kami ay kasal at nakarehistro rin bilang mga domestikong partner. Kailangan ba naming tapusin ang pareho sa magkahiwalay na kaso sa korte?**
**S:** Hindi. Maaari mong tapusin ang inyong kasal at domestikong partnership sa iisang kaso. Tiyakin lamang sa Petisyon na minarkahan mo ang mga kahon upang humiling ng pagbuwag ng kasal at domestikong partnership.

**T: Mayroon bang mga iniaatas na paninirahan para sa paghaharap ng isang legal na paghihiwalay?**
**S:** Maaari kang magharap ng isang legal na paghihiwalay sa California kung hindi bababa sa isang partido ang naninirahan sa California sa panahon ng paghaharap.

**T: Nagharap ako ng legal na paghihiwalay at ngayon ay gusto kong magharap ng diborsiyo. Ano ang dapat kong gawin?**
**S:** Maaari mong baguhin ang iyong legal na paghihiwalay patungo sa isang diborsiyo sa sandaling ang alinmang partido ay nakatugon sa mga iniaatas na paninirahan upang magharap ng diborsiyo. Upang baguhin ang iyong kaso mula sa legal na paghihiwalay patungo sa isang diborsiyo, kakailangan mong magharap ng isang binagong Petisyon upang humiling ng diborsiyo. Kasunod ay kailangan mong hainan ang kabilang partido ng binagong Petisyon at gumawa ng mga karagdagang hakbang upang tapusin ang iyong kaso.

**T: Gaano katagal makuha ang isang diborsiyo?**
**S:** Depende, pero ang pinakamaagang panahon na ikaw ay magiging walang-asawa ay anim na buwan at isang araw mula sa panahon na ang kabilang partido ay hinainan ng iyong mga papel ng diborsiyo. Tandaan na ikaw ay responsable sa pagkumpleto ng lahat ng iniaatas na hakbang upang tapusin ang iyong kaso. Mas maagang makumpleto mo ang bawat hakbang, mas maagang matatapos mo ang iyong kaso.

**T: Bakit ako maghaharap ng isang legal na paghihiwalay sa halip ng isang diborsiyo?**
**S:** Ang ilang karaniwang dahilan ay:

- Gusto ng mag-asawa na mamuhay nang magkahiwalay pero namamalaging mag-asawa. Gusto nilang gumawa ang korte ng mga utos na nauukol sa paghahati ng mga yaman at/o utang, suporta sa anak at asawa, at mga isyu sa pagiging magulang;
- Para sa mga dahilang kaugnay ng relihiyon;
- Dahil sa kanilang mga personal na paniniwala;
- Hindi pa nila natutugunan ang mga iniaatas na paninirahan upang magharap ng diborsiyo sa California, pero gusto nilang simulan ang proseso ng paghihiwalay at paghaharap ng isang kaso sa korte;
- Para sa mga pinansiyal na dahilan (halimbawa, upang panatilihin ang isang asawa o partner sa plano sa insurance na pangkalusugan ng iba, upang panatilihin ang mga partikular na benepisyo na nag-aatas na manatiling kasal ang isang mag-asawa, o mga partikular na benepisyo sa buwis para sa mga mag-asawa).

**T: Ano pa ang dapat kong isaalang-alang bago magharap?**
**S:** Ang paghaharap ng diborsiyo, legal na paghihiwalay o pagpapawalang-isa ay isang malaking desisyon na may mga posibleng kahihinatnan. Ang proseso ay maaaring maging kumplikado depende sa iyong kalagayan. Ang paghaharap ng diborsiyo ay maaaring makaapekto sa kaso sa imigrasyon o pagkabangkarote, at maaaring

magkaroon ng mga partikular na implikasyon sa buwis. Maaaring gustuhin mong humingi ng payo mula sa isang abugado bago magharap. Maaari mong kontakin ang San Francisco Bar Association sa (415) 989-1616 upang mairekomenda sa isang abugado sa batas na pampamilya.